


# Bakit ngayon?


Ang Interstate 5 ay nagbibigay ng napakahalagang koneksiyon sa pagitan ng Oregon at Washington na sumusuporta sa mga lokal na trabaho at pamilya, at isang pangunahing ruta ng kalakalan para sa mga ekonomiyang panrehiyon, pambansa, at internasyonal. Gayunman, ang mga gumagamit ng tulay ay apektado ng masikip na daloy ng trapiko, mga isyung pangkaligtasan, limitadong opsiyon sa pampublikong sasakyan, at di-sapat na pasilidad para sa aktibong transportasyon. Sa pagkakapasa ng makasaysayang pederal na package para sa impraestruktura, ang ating rehiyon ay mayroong napakabihirang pagkakataong tumanggap ng kaban ng potensiyal na bilyon-bilyong pondo ng pederal na grant, na ipamamahagi sa tulong ng konstruksiyon ng programang Interstate Bridge Replacement (IBR, Pagpapalit ng Tulay sa Pagitan ng mga Estado). Mahigpit ang kompetisyon para sa mga pondong ito at, kung hindi igugugol sa ating rehiyon, mapupunta ang mga ito sa iba pang proyekto ng impraestruktura sa Estados Unidos.

**Sampu-sampung libong trabaho sa maraming iba't ibang industriya ang malilikha sa panahon ng konstruksiyon** – na mapakikinabangan ng mga manggagawa, lokal na negosyo, at pamilya. Kapag pinalitan ang tulay ng isang estrukturang makabago, matibay laban sa lindol, at para sa maraming mode, madaragdagan ang kaligtasan at mabibigyang-daan ang mga tao – at ang ating ekonomiya – na makapagpatuloy sa hinaharap.

## Ang Gastos para sa Hindi Pagkilos

- **Mahigit $132 milyong** halaga ng kargamentong kalakal ang tumawid sa Interstate Bridge araw-araw noong 2020. Dahil sa pagsisikip ng trapiko at pag-aangat ng tulay, bumagal ang pagbiyahe ng kargamentong kalakal sa kahabaan ng I-5.
- Gumagastos ng **$1.2 milyon kada taon upang mapagana** at imantene ang kasalukuyang tulay, at mangangailangan ito ng tinatantiyang **$270 milyon sa kapital na pagmamantene sa 2040.** Hindi kasama rito ang gastos para sa pagpapatibay laban sa pagyanig.
- Sa bawat taong pinaghihintay natin bago maisaayos ang tulay, lumalaki ang mga gastos. Sa inflation pa lang, malaki na ang itinaas ng gastos mula noong sinikap itong mapalitan dati.

## Timeline ng Programa



# Programang Interstate Bridge Replacement (Pagpapalit ng Tulay sa Pagitan ng mga Estado)

**Tawiran ng Ilog:** Bagong tulay na matibay laban sa lindol at para sa maraming mode

**Lansangan:** Nagdaragdag ng mga pangkaligtasang gilid at pang-alalay na lane, at binabago ang 7 magkakalapit na interchange

**Transit:** Pinalalawig ang Light Rail at nagdaragdag ng express bus sa gilid upang mas maayos na maikonekta ang mga sistema ng transit

**Aktibong Transportasyon:** Mga ligtas at naaakses na landas na maraming gumagamit

**North Portland Harbor:** Bagong tulay na matibay laban sa lindol




*Ang mga visualization ay para lang sa paglalarawan at hindi pang-eskala. Ang mga ito ay hindi nagpapakita ng mga epekto sa ari-arian o kumakatawan sa panghuling disenyo. Pag-aaralan ang mga epekto at benepisyo ng programa sa prosesong pangkapaligiran, kabilang na rito ang pag-aanalisa sa mga bagay gaya ng pagkakaayos ng tulay at 1 at 2 pang-alalay na lane.*

## Mga Benepisyo:

- Gumagawa ng koridor na matibay laban sa lindol para sa mas ligtas, mas maluwag, at mas maaasahang sistema
- Sinusulit ang mga benepisyo at binabawasan ang mga pasakit sa mga komunidad na priyoridad na gawing patas
- Pinabubuti ang mga paggalaw at koneksiyon ng kargamento
- Pinalalawig ang mga opsiyon sa transit at naaakses na alternatibo sa mga sasakyang pang-isahan
- Sumusuporta sa sampu-sampung libong trabaho at lumilikha ng halos 2x na balik sa puhunan sa panahon ng konstruksiyon
- Sumusuporta sa mga layuning pangklima sa parehong estado




## Gastos at Pondo

- Ang kasalukuyang pagtatantiya ng gastos ay nasa pagitan ng $5 at $7.5 bilyon, kung saan $6 bilyon ang malamang na gagastusin. Sa pagtatantiya ng gastos na ito, makikita ang mga kasalukuyan at ineendorsong component ng Modified LPA (Binagong Alternatibong Gusto sa Lokalidad) at isinaalang-alang ang inflation, mga peligrong tumaas pa ang gastos, at mga kasalukuyang kondisyon ng merkado.
- Iginawad ang isang bahagi ng pederal na pondo sa pamamagitan ng **$600 milyong MEGA grant.**
- Naglaan ang Estado ng Washington ng **$1 bilyon** sa pamamagitan ng package na 2022 Move Ahead Washington (Magpatuloy Lang Washington ng Taong 2022).
- Naglaan ang Oregon ng **$1 bilyon** sa pamamagitan ng House Bill (Panukalang-batas sa Kamara) 5005 noong 2023.
- Kapag nakatipon sa isang lugar ang lahat ng naitugmang pondong hindi galing sa pederal na pamahalaan, maipakikitang pinagtutuunan ito ng pansin sa rehiyon at tumataas ang kompetisyon sa mga aplikasyon para sa pederal na grant.
- Maaaring magsimula ang pangangalap ng toll sa unang bahagi ng taong 2026, sa pinakamaaga. Gayunman, magsasagawa ang programa ng maraming pag-aaral upang mag-analisa ng iba't ibang sitwasyon, diskuwento, at pagkakalibre sa toll, kabilang na rito ang pagsasaalang-alang sa isang programa ng toll para sa may mababababang kita, upang mapagbatayan ng mga rekomendasyon sa rate ng toll. Ang mga Komisyon sa Transportasyon ng Oregon at Washington ang magtatakda sa mga rate ng toll.

## Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

- May halos **40,000 pakikipag-ugnayan** sa mga miyembro ng komunidad
- **19 na maliliit na grant ang iginawad** sa mga organisasyon sa komunidad bilang pantulong sa patas na outreach
- Ginawa ang Balangkas para sa Pagiging Patas sa pakikipagtulungan sa **Grupong Tagapayo para sa Pagiging Patas**
- Itinaguyod ang mga bagay na pinahahalagahan at priyoridad ng komunidad sa pakikipagtulungan sa **Grupong Tagapayo sa Komunidad**
- **4 na grupong tagapagpatakbo at tagapayo** ang nagbibigay ng feedback na pinagbabatayan ng gawain sa programa

## Mga Susunod na Hakbang

Patuloy na maghahanap ang programa ng mga pagkakataon para sa grant, at tatapusin nito ang Suplementong Draft na Pahayag ng Epekto sa Kapaligiran, upang maunawaan nang mas mabuti ang mga benepisyo at epekto. Magagamit ang dokumento para sa pagsusuri at pagkokomento. Sa tulong ng mga pagsasaayos upang matugunan ang feedback, mabubuo ang Panghuling Suplementong Pahayag ng Epekto sa Kapiligiran at Inamyendahang Talaan ng Pagpapasya. Sa yugtong ito, magagawa na ng programa na mag-apply para sa mga permiso, i-update ang mga tinatantiyang gastos, at ituloy ang pagdidisenyo upang makapaghanda na para sa konstruksiyon.

**Patuloy na makipag-ugnayan sa amin: www.interstatebridge.org upang malaman pa ang tungkol dito, mag-sign up para sa aming e-newsletter, o magsumite ng komento.**

**OREGON**

Para sa mga akomodasyon sa ADA (Americans with Disabilities Act) o Civil Rights Title VI (Pamagat VI ng Mga Karapatang Sibil), mga serbisyo ng pagsasalin/interpretasyon, o iba pang impormasyon, tumawag sa 503-731-4128, TTY 800-735-2900, o Oregon Relay Service 7-1-1.

**WASHINGTON**

Puwedeng humiling ng mga akomodasyon para sa mga taong may mga kapansanan sa Washington, kung makikipag-ugnayan sa pangkat para sa Mga Usapin sa Diversity/Americans with Disabilities Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng Washington State Department of Transportation (WSDOT, Kagawaran ng Transportasyon ng Estado ng Washington) sa wsdotada@wsdot.wa.gov o tumawag nang walang bayad sa 855-362-4ADA (4232). Ang mga taong bingi o nahihirapang makarinig ay maaaring humiling kung tatawag sila sa Washington State Relay sa 711. Ang sinumang taong naniniwalang nilabag ang kaniyang proteksiyon para sa Title VI, ay maaaring maghain ng reklamo sa Tagapangasiwa para sa Title VI ng Office of Equal Opportunity (OEO, Tanggapan ng Patas na Pagkakataon) ng WSDOT kung makikipag-ugnayan siya sa (360) 705-7090.